

Filipino (Tagalog)

Coronavirus (COVID-19): Ano ang dapat malaman tungkol sa COVID-19

Impormasyon para sa mga taga-Queensland

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na sanhi ng isang coronavirus. Karamihan sa mga tao na nagkaka-COVID-19 ay may banayad na sakit lamang at gumagaling nang walang espesyal na paggamot. Gaano kalala ang pagkakasakit ng isang tao ay depende sa uri ng COVID-19 variant (anyo ng COVID-19) na mayroon siya.

Paano kumakalat ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa maliliit na mga patak ng likido kapag ang taong naimpeksyunan ay umuubo, bumabahing, nagsasalita o humihinga nang malakas.

Ikaw ay maaaring mahawahan sa pamamagitan ng pagsinghot ng virus mula sa isang tao na may COVID-19 kung ikaw ay nalapit sa kanila, o sa pamamagitan ng paghipo sa isang bagay na hinipo niya, at pagkatapos ay hinipo mo ang iyong mga mata, ilong, o bibig.

Maaari mong mahanap ang karagdagang impormasyon kung paano kumakalat ang COVID-19 at kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili na mahawahan nito dito sa: www.qld.gov.au/health/conditions/health-alerts/coronavirus-covid-19/protect-yourself-others/coronavirus-prevention

Ano ang isang “variant” (bagong anyo) ng COVID-19?

Kapag kumakalat ang COVID-19, ito ay maaaring magbago, katulad ng trangkaso. Ito ay karaniwan para sa isang virus. Ang mga pagbabagong ito ay tinatawag na “mutations” (mga pagbabago). Ang mutation ay tinatawag na “variant” (bagong anyo) ng orihinal na virus. May iba’t ibang mga variant ng COVID-19, kabilang ang Delta (*nanggaling sa India*), Alpha (*nanggaling sa United Kingdom*), Beta (*nanggaling sa South Africa*), Gamma (*nanggaling sa Brazil*), at marami pang iba. Ang iba’t ibang mga variant ay maaaring kumalat nang mas madali kaysa sa iba, ngunit ito pa rin ang mismong COVID-19 virus.

Ang World Health Organisation ay may higit pang impormasyon tungkol sa mga variant ng COVID-19 dito sa: www.who.int/en/activities/tracking-SARS-CoV-2-variants/.

Ang pinaka-nanganganib

Ang mga tao anuman ang edad o kalusugan ay maaaring mahawahan ng COVID-19. Gayunpaman, ang ilang mga tao ay mas nanganganib na magkasakit nang malubha kung sila ay mahahawahan. Kabilang dito ang:

- mga matatanda.
- mga tao na may umiiral na karamdaman katulad ng kanser, mga problema sa baga, diyabetis, o alta presyon.
- Mga tao na naninirahan sa panggrupong pasilidad na tirahan.
- mga tao nasa mga pasilidad ng detensyon

Dapat tayong magsagawa ng karagdagang mga hakbang upang panatilihin ang mga taong ito. Kabilang dito ang hindi pagbisita sa kanila kung ikaw ay may anumang mga sintomas ng COVID-19.

Mga sintomas ng COVID-19

Kabilang sa mga sintomas ng COVID-19 ang:

- Lagnat
- Ubo
- Namamagang lalamunan
- Sirap sa paghinga
- Sakit ng ulo
- Tumutulong sipon o baradong ilong
- Pagkapagod
- Pagtatae, pagsusuka o pagduruwal
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng kalamnan o kasukasuan, at
- Kawalan ng ganang kumain.

Ang mga tao ay maaaring dumanas ng iba't ibang mga sintomas ng COVID-19. Kung ikaw ay may malalang mga sintomas ng COVID-19, ibig sabihin nito ay mas magtatagal ang iyong paggaling. Halimbawa, ang mga tao na may matinding mga sintomas sanhi ng virus ay maaaring abutin ng maraming linggo o buwan bago gumaling. Ang mga tao na may banayad na mga sintomas ay maaaring gumaling sa loob ng isa hanggang dalawang linggo.

Kung ikaw ay may anumang mga sintomas ng COVID-19, dapat kang magpasuri sa lalong madaling panahon. Maari mong mahanap ang pinakamalapit na lugar ng pagsusuri sa COVID-19 dito sa:

www.qld.gov.au/health/conditions/health-alerts/coronavirus-covid-19/stay-informed/testing-and-fever-clinics.

Makukuhang Suporta

Kung nahihirapan kang kumaya sa sitwasyong COVID-19, tumelepono sa Multicultural Connect sa 1300 079 020. Humiling ng serbisyo ng interpreter kung kailangan mo ng tulong sa wika.

Para sa anumang tanong tungkol sa mga kautusan ng public health sa COVID-19, tawagan ang Queensland Health sa 134 COVID (13 42 68). Papayuhan ka kung ano ang dapat mong gawin. Kung kailangan ng isang interpreter, humingi nito kapag tumawag ka. Ito ay libre.